

KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki
2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken
Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp



Ano ang gagawin sa oras ng Emerhensiya?



Ang mga sumusunod na emergency call ay maaaring tawagan nang 24 hours.
Maging kalmado at ipaliwanag sa wikang Hapon.

- | | | |
|-------------------------|------------|---|
| ■ Emerhensiya (Bumbero) | 119 | Kapag biglang nakaramdam ng matinding sakit o nasugatan at kailangan ng ambulansya. |
| ■ Sunog (Bumbero) | 119 | Kapag nagkaroon o nakita ang sunog, tawagan ito at darating ang fire-engine. |
| ■ Aksidente (Pulis) | 118 | Kapag nasangkot sa trapikong aksidente, tawagan ito at darating ang pulis. |
| ■ Krimen (Pulis) | 118 | Kung nanakawan o naging biktima sa krimen, tawagan ito at darating ang pulis. |

☆ Maaaring tumawag sa 119 at 110 mula sa landline, payphone, cellphone at PHS.

☆ Ang mga ito ay para lamang sa oras ng emerhensiya. Huwag tawagan para sa pagsasangguni o pagtatanong.

【Paraan ng pagtawag mula sa pay phone.】

☆ Kung tumawag mula sa pay phone, hindi kailangang ibigay pa ang lugar na kinaroroonan dahil malaman na nila ito.

① Kung pindutin muna ang button para sa emergency call, hindi kailangang maglagay ng barya o telephone card.

② I-dial ang 119 o 110.

③ Kung may sumagot, maging kalmado at ipaliwanag ang situwasyon.

Kapag 119, ipaliwanag kung sakit ba o sunog.

Kapag 110, ipaliwanag kung trapikong aksidente ba o krimen.

Voice message board

Message dial para sa oras ng kalamidad **171** ay naghahatid ng mga impormasyon tungkol sa kalagayan ng tao na nasa lugar na tinamaan ng kalamidad.

Maaaring makapagkontak sa inyong mga pamilya mula sa telepono, cellphone, at PC sa pamamagitan nito sa oras ng kalamidad

Kung mag-rerecord ng mensahe ...171 · 1 · Ipasok ang numero ng telepono · Mag-iwan ng mensahe.

Kung pakikinggang ang mensahe ...171 · 2 · Ipasok ang numero ng telepono · Pakikinggang ang mensahe

【Sanggunian】 Broadband message board para sa kalamidad <https://www.web171.jp>

Serbisyong message board sa oras ng kalamidad para sa Cellphone at PHS

NTT docomo <http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi>

au <http://dengon.ezweb.ne.jp/>

SoftBank <http://dengon.softbank.ne.jp/>

Willcom <http://dengon.willcom-inc.com>

Tungkol sa sistema ng pagsuporta sa pag-aaral

Dito sa lunsod ng Kawasaki ay may sistema ng 'Shugaku Shien Seido (tulong para sa pagpapa-aral), na tumutulong sa gastos sa ekswelahan, bayad sa school lunch at iba pa para sa mga magulang na may problema sa pagpapa-aral ng kanilang anak dahil sa pan-ekonomiyang dahilan.

Mangyaring kumonsulta lamang **sa pinapasukang eskwelahan ng maaga** kung kailangan ang tulong.

● Libre ang tuisyon at mga aklat-aralin (textbook) sa mga munisipyong elementary

at junior-high school sa loob ng Kawasaki city. Ngunit, maliban sa textbook, maaaring

gamitin ang mga materials, at kailangan ding bilhin ito. Mayroon ding bayad para sa

Kyushoku (school lunch) at Ensoku (Field trip) at iba pa.

Ano ang "Nayong kapayapaan sa Alemanya"?

Kuwento tungkol sa Nayong Kapayapaan sa Alemanya at Konsiyerto para sa Kapayapaan

[Araw at Oras] Ika-16 ng Marso, 2013 (Sabado) 14:00-16:00

[Saan] Kawasaki International Center • Hall

[Nilalaman] ◇ Kuwento tungkol sa Nayong Kapayapaan sa Alemanya ni Noriko Akiyama

◇ Konsiyerto para sa kapayapaan kumanta : Motoko Tatsuno

Piyano : Chizuru Akiyama

[Host] Kawasaki International Exchange Private groups Council

[Co-host] (Pumublikong pundasyon) Kawasaki International Association

[Isponsor] Lungsod ng Kawasaki • Kawasaki board ng edukasyon

[Katanungan] Kawasaki International Association Tel: 044-435-7000

Libre!!

Masayang pag-aaral ng wikang Hapon

Masaya at Kapaki-pakinabang na kurso ng wikang Hapon para sa mga dayuhan

◎ Pang-umagang kurso tuwing Martes • Biyernes 9:50 ~ 11:50

* May paalagaan ng bata (mula sa 1 taon gulang, libre)

Unang semestre: Ika-23 ng Abril (Martes) ~ Ika-12 ng Hulyo (Biyernes) ¥11,000 (22 beses)

Ikalawang semestre: Ika-24 ng Setyembre (Martes) ~ Ika-6 ng Disyembre (Biyernes) ¥11,000 (22 beses)

Ikatlong semestre: Ika-10 ng Enero, 2014 (Biyernes) ~ Ika-11 ng Marso (Biyernes) ¥8,500 (17 beses)

◎ Panggabing kurso tuwing Miyerkules 18:30 ~ 20:30

* Walang paaragaan ng bata.

Unang semestre: Ika-17 ng Abril ~ Ika-10 ng Hulyo ¥6,000 (12 beses)

Ikalawang semestre: Ika-4 ng Setyembre ~ Ika-11 ng Disyembre ¥7,500 (15 beses)

Ikatlong semestre: Ika-15 ng Enero, 2014 ~ Ika-12 ng Marso ¥4,500 (9 beses)

• Bukod sa matrikula, mayroon pang bayad para sa textbook.

• Paalala: Hindi na mare-refund ang ibinayad na matrikula.

あいうえお
かきくけこ
さしすせそ
たちつてと

[Saan] Kawasaki International Center

[Katanungan] Asosasyon pandaigdig ng Kawasaki TEL 044-435-7000

Pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Center

Kung may problema kayo o kung mayroon kayong gustong tanungin, maaari kayong kumonsulta dito.

• Oras ng pagpapayo (10:00-12:00 13:00-16:00) Telepono 044-435-7000



Wika	Araw
Ingles	Lunes hanggang Sabado
Portugal	Martes • Biyernes
Koreano	Martes • Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes • Miyerkoles • Biyernes
Espanyol	Martes • Miyerkoles
Tagalog	Martes • Miyerkoles

• Kawasaki Ward Office

Libreng Pagpapayo para sa mga Dayuhan

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	14:00-16:30
Intsik	Una at Ikatlong Martes	14:00-16:30
Tagalog	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00

• Asao Ward Office

Libreng Pagpapayo para sa mga Dayuhan

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	9:30-12:00
Intsik	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00
Tagalog	Una at Ikatlong Miyerkoles	14:00-16:30

* Libreng konsultasyon sa Gyousei Shoshi (wikang Hapon) Saan : International center 2F Conference Room

Araw at Oras: Ika-17 ng Marso, Linggo 14:00-16:00 (Kailangan ang reserbasyon para sa interpreter service, may bayad.)